
3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Pagsisipi nang Wasto at Maayos ng mga Talata




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Pagsisipi nang Wasto at Maayos ng mga talata**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sarna A. Maung, Gemma M. Gutierrez, Marlou G. Samontina, Marybeth D. Cadion, Merla S. Silva, Cliffton Dinoy

**Editor:** Gemma M. Gutierrez

**Tagasuri:**

**Tagawasto:** Myleen Robiños, Ramon S. Gravino, Juvy Comaingking

**Tagaguhit at Tagalapat:** Marlou G. Samontina, Marybeth D. Cadion, Cliffton Dinoy

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Cristy C. Epe, Janette G. Veloso, Beverly S. Daugdaug, Analiza C. Almazan, Mary Joy B. Fortun, Ma. Cielo D. Estrada, Imelda T. Cardines, Mary Jane M. Mejorada, Joan M. Niones

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped

3

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 3:
## Pagsisipi nang Wasto at Maayos ng mga Talata

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Baitang 3 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsisipi nang Wasto at Maayos ng mga Talata!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino – Baitang 3 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsisipi nang Wasto at Maayos ng mga Talata!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka na mas maunawaan at matututuhan ang maayos at wastong paraan sa pagsisipi ng mga talata. Hangad din nitong mapaunlad at mahasa ang iyong kaalaman ukol sa aralin na ito. Inaasahan na sa paggamit mo nito ay mapapadali ang iyong pag-aaral.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng bagong konseptong kailangan mong kompletuhin at tandaan upang iyong magamit ang kaalamang ito sa iyong pang-araw-araw na gawain / buhay.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng iyong pag-unawa at pagkatuto sa natutuhang kompetensi.

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Isaalang-alang ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa kng  nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Maligayang pagdating sa panibagong modyul!

Ang modyul na ito ay sadyang ginawa para sa iyo. Ito ay magsisilbing gabay mo para mas mauunawaan at matututuhan mo ang maayos at wastong paraan ng pagsisipi ng mga talata. May mga gawain akong inihanda na makatutulong sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol sa paksang ito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakasisipi nang wasto at maayos ng mga talata (F3PU-IIIa-e-1.2).

## *Subukin*

Bago ka magpatuloy sa modyul na ito, subukin mong sagutin ang panimulang pagsusulit. Ang iskor na makukuha mo rito ang magiging basehan kung hanggang saan ang nalalaman mo tungkol sa araling ito.

Kung nasagot mo ang lahat ng katanungan nang wasto, maaari mo nang laktawan ang modyul na ito. Kung may mali kang isa hanggang apat kinakailangang ipagpatuloy mo ang pagsasagot sa mga gawaing nakapaloob sa araling ito.

Isulat ang titik ng wastong sagot sa papel.

1. Ang kasingkahulugan ng salitang **pagsipi** ay ____________.
   A. pagbura
   B. pagkopya
   C. pagdaragdag

2. Binubuo ito ng mga lipon ng mga pangungusap na nagpapahayag ng buong kaisipan, ito ay ____________.
   A. salita
   B. talata
   C. parirala

3. Kailangang sipiin ang mga talata nang _________ at _________ upang ito ay mas maintindihan.
   A. wasto at maayos
   B. magulo at wasto
   C. malinis at hindi wasto

4. Alin sa sumusunod ang hindi wastong pamamaraan sa pagsipi ng talata?
   A. Kopyahin ang wastong baybay ng mga salita.
   B. Gumamit ng indensyon sa unang linya ng talata.
   C. Simulan sa maliit na titik ang simula ng pangungusap.

5. Kailangan sipiin nang wasto at maayos ang talata upang ito ay __________________.
   A. maintindihan
   B. hindi maunawan
   C. maging maganda

# Aralin 1 Pagsisipi nang Wasto at Maayos ng mga Talata

Handa ka na bang matutuhan ang isang panibagong paksa? Buksan ang iyong isipan at palawakin ang iyong kaalaman dahil sa modyul na ito iyong malalaman ang wasto at maayos na pamamaraan sa pagsipi ng mga talata.

## *Balikan*


Sipiin nang wasto ang sumusunod na pangungusap sa paraang kabit-kabit. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Pumunta ako sa silid-aklatan upang magbasa.
2. Nagluto ang nanay ng masarap na adobo.
3. Maamo ang alaga kong aso.
4. Isa akong batang Pilipino.
5. Mahilig akong magsulat ng mga tula.

## Tuklasin

Nasubukan mo na bang sumipi ng talata? Alam mo ba kung ano-ano ang panuntunan sa pagsipi ng mga talata?

Ating tuklasin ang wasto at maayos na paraan sa pagsipi ng mga talata.




Ang talata ay lipon ng mga pangungusap na paunlad na bumubuo at nagpapahayag ng isang kaisipan.

### Mga Dapat Tandaan sa Pagsipi ng mga Talata

1. Maglaan ng palugit o indensyon sa unang linya ng talata.
2. Simulan sa malaking titik ang unang salita ng pangungusap.
3. Sipiin ang wastong baybay ng mga salita.
4. Isulat nang maayos at klaro ang bawat pangungusap.
5. Kopyahin ang wastong bantas na ginamit.
6. Siguraduhing maayos at malinis ang pagsipi o pagkopya ng buong talata upang mas maintindihan ang buong kaisipan na nais nitong ipahayag.

# *Suriin*


Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsipi ng mga talata?

2. Bakit mahalaga na wasto at maayos ang pagsisipi ng mga talata?

## Pagyamanin

Sipiin nang maayos at wasto ang talata. Isulat ito sa iyong papel.



Ang Pilipinas ay bansang masagana sa ibat' ibang likas na yaman. Binubuo ito ng mga yamang lupa, tubig, mineral, at gubat. Ang mga yaman na taglay nito ay nagbibigay ng mga produkto. Nakatutulong ang mga likas na yaman na ito upang matugunan ang ating mga pangangailangan. Malaki rin ang papel na ginagampanan nito sa pag-angat ng antas ng ekonomiya ng ating bansa.


## Isaisip

Punan ng angkop na salita ang patlang upang mabuo ang ideya.

Mahalaga na sipiin nang ____________ at ____________ ang mga talata upang _________________ ang buong kaisipan na gusto nitong ipahayag. Ang malinis na pagsipi ng mga talata ay nakakatulong upang mabasa nang maayos ang sulat.

## Isagawa

Gamit ang iyong mga natutuhan sa paksang ito, sipiin nang wasto at maayos ang talata na tungkol sa iyo. Sundan ang modelo na nasa ibaba. Isulat ito sa iyong kuwaderno.



Ako ay isang batang Pilipino. Ako ay responsable, masipag, mabait, magalang, at mapagmahal. Mahal ko ang aking bansa, at hindi ko ito ikinahihiya. Ipinagmamalaki ko na ako ay isang batang Pilipino sa puso at diwa. Upang mapatunayang ako'y tunay at responsableng batang Pilipino, ginagampanan ko ang mga tungkulin at responsibilidad ko sa aking pamilya, komunidad at bansa. Isinasapuso ko rin ang pagiging maka-Diyos, makatao, makakalikasan at makabansa.

## Tayahin

Sipiin ang sumusunod na talata sa paraang kabit-kabit. Isulat ito sa sagutang papel.

May iba't ibang damdamin tayo na nadarama. Ito ay ang tuwa, lungkot, galit, iyak, takot, at marami pang iba. Ito ay mga reaksiyon na nabubuo dulot ng mga pangyayari sa ating paligid. Bawat tao ay may sariling damdamin na nadarama base sa kanilang kasalukuyang sitwasyon. Pagkatuwa, pagkalungkot, pagkatakot, at pagkagalit ang karaniwang mga damdamin na madalas nating ipinapahayag.

## *Karagdagang Gawain*

Bumasa ng isang kuwento. Sipiin ang isang talata mula sa iyong binasa nang wasto at maayos. Isulat ito sa kuwaderno.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. B
3. A
4. C
5. A

**Pagyamanin**

1. Maglaan ng palugit o indensyon sa unang linya ng talata.
   Simulan sa malaking titik ang simula ng pangungusap.
   -Sipiin ang wastong baybay ng mga salita.
   -Isulat ng maayos at klaro ang bawat pangungusap.
   -Kopyahin ang wastong bantas na ginamit.
   -Siguraduhing maayos at malinis ang pagsipi/pagkopya ng buong talata upang mas maintindihan ang buong kaisipan na nais nitong ipahayag.
2. Mahalaga na wasto at maayos ang pagsisipi ng mga talata upang mas maintindihan ito.

**Isaisip**

1. wasto
2. maayos
3. maintindihan

# *Sanggunian*

Alde, Amaflor, Lea Agustin, Aireen Ambat, Josenette Brana, Florenda Cardinoza, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue, et al. 2014. *Batang Pinoy Ako - Ikatlong Baitang*. 1st ed. Tandang Sora Avenue, 22A-22B Ever Green Ve Capitol Village, Quezon City, Philippines: Lexicon Press, Inc.

Department of Education. 2016. *K to 12 Gabay Pangkurikulum Filipino (Baitang 1-10)*.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph